Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka $\frac{\quad}{20}$

Mga sagot sa Pagtukoy sa naiibang pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*, pangngalang panlalaki - *masculine noun*, pangngalang pambabae (*feminine noun*), pangngalang di-tiyak ang kasarian (*common noun*), pangngalang walang kasarian (*neuter noun*)

Panuto: Ikahon ang pangngalan na naiiba sa grupo ng mga pangngalan sa bawat bilang.

1.	tatay	papa	**tiyo**	itay
2.	panganay	bunso	kuya	**magulang**
3.	kaibigan	**binata**	pinsan	kapatid
4.	tita	ale	**ninong**	yaya
5.	lola	impo	lelang	**ate**
6.	**pangulo**	senadora	propesora	doktora
7.	senyor	nobyo	labandero	**ginang**
8.	manlalaro	**binibini**	pasyente	pasahero
9.	paaralan	pisara	silid-aklatan	**guro**
10.	anak	ama	**ulila**	ina
11.	ministro	arsobispo	pari	**madre**
12.	bayan	lalawigan	**mamamayan**	lungsod
13.	**aktres**	sirena	lakambini	diyosa
14.	tsikiting	**ninuno**	bata	sanggol
15.	kabayo	kalabaw	kambing	**kabukiran**
16.	**tandang**	leona	inahin	sora
17.	apo	inaanak	**asawa**	pamangkin
18.	**misis**	nanay	mama	nanang
19.	tiyo	kumpadre	sastre	**santa**
20.	dentista	manunulat	**kasama**	abogado

Ang mga katwiran para sa mga sagot ay ang sumusunod:

1. Ang mga pangngalang *tatay*, *papa*, at *itay* ay tumutukoy sa ama (*appellations for father*). Ang pangngalang *tiyo (uncle)* ay tumutukoy sa lalaking kapatid ng isang magulang.

2. Ang mga pangngalang *panganay (firstborn child)*, *bunso (youngest child)*, at *kuya (elder brother)* ay tumutukoy sa mga anak ng magulang. Ang pangngalang *magulang (parent)* ay tumutukoy sa ama o ina.

3. Ang mga pangngalang *kaibigan (friend)*, *pinsan (cousin)*, at *kapatid (sibling)* ay mga pangngalang di-tiyak ang kasarian. Maaaring gamitin ang mga salitang ito para sa lalaki o babae. Ang pangngalang *binata (young single man)* ay pangngalang panlalaki.

4. Ang mga pangngalang *tita (aunt)*, *ale (stepmother; aunt; any woman)*, at *yaya (nursemaid; governess)* ay mga pangngalang pambabae. Ang pangngalang *ninong (godfather)* ay pangngalang panlalaki.

5. Ang mga pangngalang *lola*, *impo*, at *lelang* ay tumutukoy sa ina ng isang magulang (*appellations for grandmother*). Ang pangngalang *ate (elder sister)* ay gingamit para sa kapatid na babae o babae na mas nakatatanda sa nagsasalita.

6. Ang mga pangngalang *senadora (female senator)*, *propesora (female professor)*, at *doktora (female doctor)* ay mga pangngalang pambabae. Ang pangngalang *pangulo (president)* ay pangngalang di-tiyak ang kasarian.

7. Ang mga pangngalang *senyor (sir; mister)*, *nobyo (fiancé)*, at *labandero (laundryman)* ay mga pangngalang panlalaki. Ang pangngalang *ginang (madam/Mrs.)* ay pangngalang pambabae.

8. Ang mga pangngalang *manlalaro (player; athlete)*, *pasyente (patient)*, at *pasahero (passenger)* ay mga pangngalang di-tiyak ang kasarian. Ang pangngalang *binibini (young single woman)* ay pangngalang pambabae.

9. Ang mga pangngalang *paaralan (school)*, *pisara (blackboard)*, at *silid-aklatan (library)* ay mga pangngalang walang kasarian. Ang pangngalang *guro (teacher)* ay pangngalang di-tiyak ang kasarian at ito lang ang tumutukoy sa tao.

10. Ang mga pangngalang *anak (child)*, *ama (father)*, at *ina (mother)* ay mga pangngalang tumutukoy sa mga miyembro ng isang mag-anak o pamilya. Ang pangngalang *ulila (orphan)* ay naiiba dahil ito ay tumutukoy sa isang lalaki o babae na wala na ang mga magulang.

11. Ang mga pangngalang *ministro (minister)*, *arsobispo (archbishop)*, at *pari (priest)* ay mga pangngalang panlalaki. Ang pangngalang *madre (nun)* ay pangngalang pambabae.

12. Ang mga pangngalang *bayan (country; town)*, *lalawigan (province)*, at *lungsod (city)* ay mga pangngalang walang kasarian. Ang pangngalang *mamamayan (citizen)* ay pangngalang di-tiyak ang kasarian at ito lang ang tumutukoy sa tao.

13. Ang apat na pangngalan ay mga pangngalang pambabae subalit ang mga salitang *sirena (mermaid)*, *lakambini (goddess; muse)*, at *diyosa (goddess)* ay tumutukoy sa mga babae na kathang-isip *(fiction)* lamang. Ang pangngalang *aktres (actress)* ay tumutukoy sa tunay o aktuwal na babae.

14. Ang apat na pangngalan ay mga pangngalang di-tiyak ang kasarian subalit ang mga salitang *tsikiting (small child)*, *bata (young child)*, at *sanggol (baby; infant)* ay ginagamit sa kabataan o mga bata pa lamang. Ang pangngalang *ninuno (ancestor)* ay tumutukoy sa mga taong may sapat na gulang na o lumipas na.

15. Ang mga pangngalang *kabayo (horse)*, *kalabaw (carabao)*, at *kambing (goat)* ay tumutukoy sa mga hayop at ang mga ito ay pangngalang di-tiyak ang kasarian. Ang pangngalang *kabukiran (countryside; farm)* ay pangngalang walang kasarian.

16. Ang mga pangngalang *leona (lioness)*, *inahin (hen; mother animal)*, at *sora (vixen)* ay tumutukoy sa mga babaeng hayop. Ang pangngalang *tandang (rooster)* ay pangngalang panlalaki na tumutukoy sa lalaking manok.

17. Ang mga pangngalang *apo (grandchild)*, *inaanak (godchild)*, at *pamangkin (nephew or niece)* ay maaaring gamitin sa mga kabataan. Ang pangngalang *asawa (spouse)* ay tumutukoy sa taong may eded na o may sapat na gulang na.

18. Ang apat na pangngalan ay mga pangngalang pambabae subalit ang mga salitang *nanay*, *mama*, at *nanang* ay ginagamit para sa ina (*appellations for mother*). Ang pangngalang *misis (wife)* ay ginagamit para sa babaeng asawa na maaaring hindi isang ina.

19. Ang mga pangngalang *tiyo (uncle)*, *kumpadre (male sponsor)*, at *sastre (tailor)* ay mga pangngalang panlalaki. Ang pangngalang *santa (female saint)* ay pangngalang pambabae.

20. Ang apat na pangngalan ay di-tiyak ang kasarian subalit ang mga salitang *dentista (dentist)*, *manunulat (writer)*, at *abogado (lawyer; attorney)* ay tumutukoy sa propesyon o hanapbuhay ng tao. Ang pangngalang *kasama (companion)* ay hindi tumutukoy ng propesyon.